Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 9 - Modyul 31:
## Panghalip Pamatlig



Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Filipino – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan - Linggo 9 - Modyul 31: Panghalip Pamatlig
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Sangay ng Lungsod ng Valencia
Tagapamanihala ng mga Paaralan: Rebonfamil R. Baguio

**Bumuo sa Pagsulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Cathyrine D. Melos |
| **Editor:** | Emelita F. Rey, PSDS |
| **Tagasuri:** | Emelita F. Rey, PSDS |
| **Tagalapat:** | Rommel C. Villa<br>Ma. Gelyn G. Zerna |
| **Ilustrador:** | Madilyn P.Saphlot |
| **Layout Artists:** | John Rimmon I. Taquiso |
| **Tagapamahala:** | |
| Chairperson: | Rebonfamil R. Baguio<br>*Tagapamanihala ng mga Paaralan* |
| Co-chairperson: | Eugene I. Macahis, Jr.<br>Asst. Schools Division Superintendent |
| Mga Kasapi: | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Noemie M. Pagayon, EPS – Filipino<br>Analisa C. Unabia, EPS – LRMS<br>Joan Sirica V. Camposo, Librarian II<br>Israel C. Adrigado, PDO II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:

Kagawaran ng Edukasyon - Sangay ng Lungsod ng Valencia
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 9 - Modyul 31:
## Panghalip Pamatlig

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang nasa larangan ng edukasyon na ipadala ang inyong mga puna, komento at rekomendasyon sa pamamagitan ng *email* sa Kagawaran ng Edukasyon sa region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas**

## *Ang Modyul na ito*

Magandang buhay!

Ang modyul na ito ay binuo upang suportahan ang inyong pagkatuto bilang mga mag-aaral sa ikaapat na baitang. Ito ay idinisenyo upang kayo ay matulungan na maunawaan ang aralin tungkol sa iba't ibang uri ng panghalip pamatlig.

Mayroong mga halimbawa at pagsasanay na inihanda upang mahasa, mapaunlad, at madagdagan ang inyong kasanayan at kaalaman sa araling ito. Ang pagsunod sa mga panuto/tagubilin ay dapat isaisip upang maintindihan at masagutan nang maayos ang mga pagsasanay.

Sana'y masiyahan kayo habang natututo mula sa modyul na ito.

Maraming salamat at nawa'y pagpalain tayong lahat ng Poong Maykapal!



### *Para sa Guro*

Ang pag-aaral nang mag-isa ay isang mapanghamong paraan para sa mga mag-aaral. Bilang isang guro, tungkulin pa rin nating gabayan at subaybayan ang ating mga mag-aaral habang sila ay natututo nang nag-iisa.



## *Alamin*

Pagkatapos gawin ang mga pagsasanay sa modyul na ito, ang mga bata ay inaasahang mapaunlad ang mga sumusunod na kasanayan:

Layunin:


1. Nagagamit ang iba't-ibang uri ng panghalip (pamatlig)
   -Patulad-pahimaton, paukol-paari-panlunan, paturol sa usapan at pagsasabi tungkol sa sariling karanasan


## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na mga hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.


## *Mga Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa inyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin. |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan. |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin. |
|  | Suriin | Ito ay ang pagtatalakay sa pamamagitan ng mga gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang iyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong buhay at sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang iyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto. |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*

**Panuto:** Tulungan nating marating ni Juan ang kinaroroonan ng mesa ni Bb. Cruz sa pamamagitan ng pagkulay ng mga kahon na may nakasulat na panghalip pamatlig.




| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| doon | ito | hangin | bukid | mabait |
| presko | dito | kubo | ulam | tanim |
| isda | diyan | iyon | ganyan | narito |
| puno | bag | ani | kaibigan | heto |
| ilog | nanay | masaya | masarap | ayan |
| bungkal | pamilya | tulong | busog | hayun |



Nahirapan ba kayo sa pagsagot sa ating unang gawain? Huwag mag-alala dahil ang modyul na ito ay makatutulong upang mapaunlad ang inyong kaalaman tungkol sa iba't ibang uri ng panghalip pamatlig.

Maaari na kayong tumungo sa Aralin 2.

# Aralin 2 Panghalip Pamatlig






## *Balikan*

**Panuto:** Basahin ang mga sumusunod na pangungusap.

- Lahat na mga hurado ay namangha sa pinamalas na galing ng mga mananayaw mula sa Bukidnon.
- Kanino mo ibibigay ang binili mong bulaklak?
- Ako na po ang tatapos ng mga gawaing bahay.

Ano ang tawag sa mga salitang may salungguhit?

Ang mga salitang may salungguhit ay mga halimbawa ng **panghalip**. Ang panghalip ay salitang humahalili o pumapalit sa pangngalan na nagamit na sa parehong pangungusap o kasunod na pangungusap.



## ***Tuklasin***

**Panuto:** Basahin ang dayalogo sa ibaba.

Sa Bukid

*(Orihinal na isinulat ng may-akda)*

Liza: **Ito** ang aming bukirin. **Dito** kami pumupunta ng pamilya ko tuwing walang pasok. Tinutulungan ko sina nanay at tatay sa pagbubungkal ng lupa, pagtatanim, at sa pag-aani ng aming mga pananim.

Emma: Wow, ang ganda naman **dito**! Presko ang hangin na ating nalalanghap at ang daming gulay at prutas. Teka, **iyon** ba ang sinasabi mong palaisdaan ninyo?

Liza: Oo, **iyon** nga. Halika! Pumunta tayo **roon** at mamingwit tayo ng isda. Ilagay mo muna yung bag mo **riyan** sa kubo at nang hindi mo na karga-karga **iyan** habang namimingwit tayo.

Emma: Liz, ang lalaki naman ng mga tilapia. Ang sarap sigurong lagyan ng gata ang mga **ito**.

Liza: Aba, siyempre naman! Siguradong masarap at magugustuhan mo ang ginataang tilapia na luto ni Nanay Minda.

Nanay Minda: Mga bata, dalhin niyo na **rito** ang mga nahuli ninyong isda at nang makapagluto na ako.

Liza: Tawag na tayo ni Nanay. Dalhin na natin **doon** sa kubo ang mga isda.

Emma: Oo nga. Tayo na!



## *Suriin*

- Tungkol saan ang dayalogo?
- Saan nangyayari ang dayalogo?
- Ano-ano ang mga salitang may salungguhit sa usapan nina Liza at Emma?
- Ano ang tawag sa mga salitang ito? Kailan ito ginagamit?

Ang mga salitang may salungguhit sa dayalogo ay tinatawag na **panghalip pamatlig**. Ang panghalip na pamatlig ay uri ng panghalip na ginagamit panghalili sa pagtuturo ng tao, hayop, bagay, pook, gawa o pangyayari. Sa panghalip na ito nalalaman ang layo o lapit ng bagay na itinuturo.

Ang panghalip pamatlig ay may iba't-ibang uri - patulad, pahimaton, paukol, paari, panlunan, at paturol.

Mga Halimbawa:

Patulad - ganito, ganyan, ganoon

Pahimaton - heto, hayan

Paukol - dito, diyan, doon, rito, riyan, roon

Paari - nito, niyan, noon

Panlunan - narito, nariyan, naroon

Paturol - ito, iyan, iyon



## *Pagyamanin*

**Gawain I**

**Panuto:** Bilugan ang panghalip na pamatlig sa bawat bilang.

1. Bumili ako ng bagong laruan. Tiyak na matutuwa nito ang anak ko.

2. Dito kami kumakain tuwing tanghalian.

3. Magbabakasyon kami sa Davao sa makalawa. Bibisitahin namin doon sina Lolo at Lola.

4. May bisitang dumating. Iyon ba ang bago nating punong-guro?

5. Ganito rin kasarap ang nakain kong kutsinta noong isang araw.



## *Isaisip*

**Gawain 2**

**Panuto:** Lagyan ng tsek ang patlang ✓ kung tama ang panghalip pamatlig na ginamit sa pangungusap. Kung mali, isulat sa patlang ang tamang panghalip. Pumili ng panghalip mula sa nakasulat sa ibaba.

rito diyan niyan heto hayan


___________1. Ang laki ng bag. **<u>Ito</u>** ang gagamitin ko sa bakasyon.

___________2. **<u>Ganito</u>** ka na matulog sa kwarto ng ate mo.

___________3. **<u>Narito</u>** na po lahat ang ipinagawa niyo.

___________4. *Leche flan* ba ang dala mo? Nakakain na ako **<u>diyan</u>**.

___________5. **<u>Doon</u>** sa tuktok ng bundok nakatayo ang watawat ng Pilipinas.



## *Isagawa*

**Gawain 3**

**Panuto:** Piliin ang tamang panghalip na pamatlig. Isulat sa patlang ang panghalip na maaaring gamiting panghalili sa pariralang may salungguhit.

**1 - 3.** *ito, nito, dito, rito*

______________1. <u>Sa ibabaw ng kama</u> ko iniwan ang *cellphone*.

______________2. Sino ang may-ari <u>ng bagong sasakyan</u>?

______________3. Ginagamit ko <u>ang kompyuter ni ate</u>.

**4 - 7.** *iyan, niyan, diyan, riyan*

______________4. Kumain <u>sa karinderya</u> si kuya.

______________5. <u>Ang lapis mo</u> ang ginamit ko kanina.

______________6. Nakabili na ako <u>ng bagong *brand* ng sapatos</u>.

______________7. Ilagay mo <u>sa aparador</u> ang mga natuping damit.

**8 - 10.** *iyon, doon, roon, niyon*

______________8. Magtatayo kami ng bagong gusali <u>sa Tagaytay</u>.

______________9. <u>Ang pulang bestida</u> ang paborito kong isuot.

______________10. Maglalako kami ng gulay <u>sa bayan</u>.



## *Tayahin*

**Gawain 4**

**Panuto:** Punan ang patlang ng wastong panghalip pamatlig na bubuo sa pangungusap. Pumili ng sagot mula sa mga salita na nasa ibaba

iyan doon nito ito niyan

riyan iyon ganito rito

Kinukuwento ni Hilda kay Amy ang pagpunta niya sa tiyangge kahapon. "Alam mo Amy, napakaraming produkto ang binebenta sa tiyangge. (1) ______________ ko nga nabili ang bag at tsinelas ko," sabi ni Hilda.

Si Nanay ay galing sa kusina. Pumasok siya sa silid ni Abby. "May dala akong minatamis na saging Abby. Gusto mo bang kumain (2) ______________?"

Nasa loob ng bahay sina Diego at Alex. Narinig nila ang kanilang alaga. "Alex, tumatahol ang aso sa labas. Baka nagugutom na talaga (3) ______________," sabi ni Diego.

May hawak na pitaka si Rica at kausap niya ang kanyang guro. "Maam, nakita ko po (4) ______________ sa pasilyo," sabi ni Rica.

Habang namamasyal sa *mall*, nakita ng magkaibigang Jane at Alyssa ang kaparehang bag ng kanilang mayamang kaklase na si Annie. "Wow, Jane tingnan mo nga! (5) ______________ pala kamahal ang bag ng ating kaklase," sabi ni Alyssa. "Iba talaga pag anak mayaman," sagot naman ni Jane.

Pumasok si Tita Nancy sa sala na may dalang malaking regalo. Napansin siya ni Mikka. "Wow! Para po kanino (6) ______________ Tita Nancy?" tanong ni Mikka. "Para sa iyo (7) ______________ pamangkin!" sagot ni Tita Nancy.

Nasa opisina si Julie. Tumawag siya sa bahay gamit ang telepono ng kumpanya at nakausap niya ang kanyang kapatid na si Mae. "Ate Mae, naiwan ko ba (8) ______________ ang *cellphone* ko?" tanong ni Julie. "Oo, naiwan mo nga (9) ______________," sagot ni Mae.

Tinitingnan ni Bb. Santos ang isang larawan na dala-dala ng paparating na si Cindy. "Napakaganda ng larawan! Sino ang gumawa (10) ______________?" tanong ni Bb. Santos.

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Gamitin sa pangungusap ang mga sumusunod na panghalip pamatlig. Isulat ito sa nakalaang linya.

1. ito

2. doon

3. diyan

4. ganito

5. heto

## *Susi sa Pagwawasto*

| Subukin |
|---|
| 1. doon |
| 2. ito |
| 3. dito |
| 4. diyan |
| 5.iyon |
| 6. ganyan |
| 7. narito |
| 8. heto |
| 9. ayan |
| 10. hayun |

| Pagyamanin | Isaisip |
|---|---|
| 1. nito | 1. / |
| 2. Dito | 2. Diyan |
| 3. doon | 3. / |
| 4. Iyon | 4. niyan |
| 5. Ganito | 5. / |

| Isagawa | |
|---|---|
| 1. dito | 6. niyan |
| 2. nito | 7. riyan |
| 3. ito | 8. roon |
| 4. diyan | 9. Iyon |
| 5. Iyan | 10. doon |

| Tayahin | |
|---|---|
| 1. Doon | 6. iyan |
| 2. nito | 7. ito |
| 3. iyon | 8. riyan |
| 4. ito | 9. rito |
| 5. Ganito | 10. niyan |

## *Sanggunian:*

"Ano Ang Panghalip Na Pamatlig at Mga Uri Nito." Answers. Answers Corporation. Accessed July 8, 2020. https://www.answers.com/Q/Ano_ang_panghalip_na_pamatlig_at_mga_uri_nito.

URI NG PANGHALIP – 5 Uri ng Panghalip At Mga Halimbawa. "URI NG PANGHALIP - 5 Uri Ng Panghalip At Mga Halimbawa." Philippine News, June 19, 2019. https://philnews.ph/2019/06/19/uri-ng-panghalip-5-uri-ng-panghalip-halimbawa.

Para sa mga katanungan at mungkahi, mangyaring sumulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon – Sangay ng Lungsod ng Valencia

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615